

MGA HULING KAGANAPAN SA LUPA



Aralin 12 para sa Hunyo 22, 2024

**"Bumili ka ng katotohanan at huwag
mong ipagbili: Oo karunungan, at turo,
at pag-uunawa" (Kawikaan 23:23)**



LEY
I

II

III

IV

DE DIOS
V

X



Ang kasukdulan na magiging tanda ng katapusan ng kasaysayan ay ang pangangaral ng Ebanghelyo sa buong mundo (Mateo 24:14).

Ang pangangaral na ito ay pangungunahan ng pagbuhos ng Banal na Espiritu, na may parehong kapangyarihan noong Pentecostes. Ang kaganapang ito ay kilala bilang "huling ulan".

Sino ang tatanggap ng huling ulan? Silang mga nagpasiyang maging tapat sa Diyos, sumusunod sa Kanyang mga utos, at nagpupuri sa Kanya nang tama. Ang mga ito ay mamarkahan ng "tatak ng buhay na Diyos" (Apoc. 7:2).



Paghahanda sa huling krisis:



Pinatnubayan ng Salita.



Tinatakan sa mga noo.



Tapat sa pagsamba.



Kapangyarihan mula sa itaas:



Ang huling ulan.



Ang pangangaral ng Ebanghelyo.



PAGHAHANDA SA HULING KRISIS

PINATNUBAYAN NG SALITA

"Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas." (Awit 119:105)

Alam mo ba kung saan mahahanap ang katotohanan tungkol sa katapusan ng mundo?

Ito ang daan:

"Bilhin mo ang katotohanan, at huwag mong ipagbili" (Kaw. 23:23)


"At inyong makikilala ang katotohanan" (Juan 8:32)

"ang salita mo'y katotohanan" (Juan 17:17)

"Ang bukas ng iyong mga salita ay nagbibigay ng liwanag; nagbibigay ng unawa sa walang muwang" (Aw. 119:130)

Sa mga huling sandali ay pahihintulutan si Satanas na magsagawa ng mga kababalaghan at maglagay ng mga panlilinlang na napakatuso upang hindi mapabulaanan (Apoc. 13:13-14; Mt. 24:24).

Tanging ang lubusang kaalaman sa Bibliya, sa tulong ng Banal na Espiritu, ang magpapanatili sa atin na maging matatag sa katotohanan (2 Ped. 1:19-21).



TINATAKAN SA MGA NOO


“At tumingin ako, at narito, ang Cordero ay nakatayo sa bundok ng Sion, at ang kasama niya'y isang daan at apat na pu't apat na libong may pangalan niya, at pangalan ng kaniyang Ama, na nasusulat sa kanikaniyang noo.”

(Apocalipsis 14:1)

Ang tatak ng Diyos ay kinilala sa tatlong magkakaibang paraan:

1. Ang Espiritu Santo. Ang mga mananampalataya sa lahat ng edad ay tinatakan niya (Efe. 4:30).
2. Ang pangalan, o katangian ng Diyos. Lahat ng magtatagumpay ay magmamana nito (Apoc. 14:1; 22:4).
3. Isang kapansin-pansing tanda (Apoc. 9:4; Ez. 9:4).

Inilagay ng Diyos ang kanyang tatak sa isa sa 10 utos, bilang natatanging tanda ng mga sumasamba sa kanya (Ez. 20:20).



Mga bahagi ng isang tatak	Halimbawa: euro coin (Spain)	Ang Sabado (Exodo 20:8-11)
Pangalan	Philip VI	Jehova
Titulo	Hari	Manlalalang
Teritoryo	Espania	Kalawakan, lupa at dagat



TINATAKAN SA MGA NOO

“At tumingin ako, at narito, ang Cordero ay nakatayo sa bundok ng Sion, at ang kasama niya'y isang daan at apat na pu't apat na libong may pangalan niya, at pangalan ng kaniyang Ama, na nasusulat sa kanikaniyang noo”
(Apocalipsis 14:1)



Ang tatak, marka o tanda ay maaaring matanggap sa dalawang magkaibang paraan: sa noo o sa kamay. Ang mga mananampalataya ay tatanggapin ito sa kanilang mga noo, at ang mga hindi mananampalataya ay tatanggapin ito sa kanilang mga noo o sa kanilang mga kamay (Apoc. 13:16). Ano ang pagkakaiba?

Noo

PANINIWALA

**Maniwala sa
ating sinasamba**

Kamay

**INTERES
(pagkakakitaan)**

**Sumasamba
tayo dahil sa
takot**



Bagama't walang pakialam si Satanas sa mga dahilan ng pagsamba, tinatanggap lamang ng Diyos ang tapat at ganap na pagsamba (Rom. 12:1).

TAPAT SA PAGSAMBA

"At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan"
-(Apocalipsis 13:17)

Ang mga tumatangging tanggapin ang marka ng halimaw ay hindi maaaring bumili o magbenta, at pagbabantaan ng kamatayan (Apoc. 13:15-17). Sa kabilang banda, kung tatanggapin nila ito ay daranasin nila ang mga huling salot at ang "ikalawang kamatayan", mawawalan ng buhay na walang hanggan (Apoc. 16:2 ; 14:9-11; 20:4, 13-15).



Ngunit ano ang marka ng halimaw? Isang chip, isang barcode, isang uri ng pisikal na pagkontrol?



Kung ang Sabado ang nakikitang tanda (marka) ng mga mananampalataya, hindi ba't ang tanda ng halimaw ay mayroon ding parehong likas?

Dahil hindi binabanggit ng Biblia ang anumang pagbabago sa araw ng pagsamba, ang pagtanggap sa Linggo bilang araw ng pagsamba ay pagtanggap sa awtoridad ng Simbahan na gumawa ng pagbabago (nakilala bilang 666).



Kung ganon, anong otoridad ang dapat nating tanggapin? Ang otoridad ng institusyon ng tao o ang otoridad ng Diyos, na malinaw na ipinakita sa Kanyang Salita?



KAPANGYARIHAN MULA SA ITAAS




ANG HULING ULAN

"Kayo nga'y mangatuwa, kayong mga anak ng Sion, at mangagalak sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't kaniyang ibinibigay sa inyo ang maagang ulan sa tapat na sukat, at kaniyang pinalalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang ulan at ang huling ulan, sa unang buwan" (Joel 2:23).


Ginamit ni propeta Joel ang ulan bilang metapora para sa pagbubuhos ng Banal na Espiritu (Joel 2:23, 28). Ganito ito inilapat ni Pedro sa kanyang talumpati noong araw ng Pentecostes (Gawa 2:14-17).

Ang "ulan" na ito ay nagdadala ng kaalaman sa Diyos (Hos. 6:3). Sa kanyang panahon, libu-libo ang kanyang nahikayat sa isang araw (Gawa 2:41).



Sa klima ng Mediterania kung saan nakatira ang Israel, ang maagang pag-ulan (sa paligid ng Oktubre) ay naghahanda ng tatam nang lupa. Ang pangalawang ulan, na kilala bilang "huli" (mga Abril), ay nagbigay ng lakas sa lupa upang patubuin ang mga binhi.

Kung paanong ang Iglesia ay nagsimula sa pagbuhos ng Banal na Espiritu, ang huling pagpapahayag ng ebanghelyo, ang huling pag-aani, ay magaganap pagkatapos ng pagbuhos ng huling ulan: ang Banal na Espiritu ay ibinuhos na may kapangyarihan sa mga mananampalataya sa huling henerasyon (Apoc. 18 :1).





ANG PANGANGARAL NG EBANGHELYO

"Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian"

(Apocalipsis 18:1)

Nakita ni Juan ang "isa pang anghel" na bumababa na may kapangyarihan. Ang kaluwalhatian ng nito ay pumupuno sa buong lupa (Apoc. 18:1). Ano ang mensaheng ipinapahayag ng anghel na ito?

Ang kanyang mensahe ay pareho sa mensahe ng ikalawang anghel: Ang Babilonia ay bumagsak at nadungisan ang lahat ng mga bansa (Apoc. 18:2-3; 14:8).

Ang Banal na Espiritu ay bababa na may kapangyarihan sa mga tapat na "tumulupad sa mga utos ng Diyos at sa pananam-palataya ni Jesus" (Apoc. 14:12), at nagpapahayag ng ebanghelyo, na may kasamang babala ng pasimula ng paghuhukom, at nag-aanyayang sambahin ang Lumikha (Apoc. 14:6-7).

Nahaharap sa mga mensaheng ito, at salamat sa kapangyarihan ng huling ulan, ang sangkatauhan ay haharap sa pagpili sa pagitan ng dalawang posibilidad: ang pagtanggap ng tatak ng Diyos o ng marka ng halimaw (Apoc. 14:9-11).

Maraming boses ang maghahayag ng huling mensahe. Marami ang magpapasiya na maging tapat hanggang wakas.



“Ang pagbaba ng Banal na Espiritu sa iglesia ay inaabangan tulad ng sa hinaharap, ngunit ito ay isang pribilehiyo ng iglesia na magkaroon ngayon. Hanapin ito, ipanalangin ito, paniwalaan ito. Dapat mayroon tayo nito, at naghihintay ang Langit na ipagkaloob ito.”

EGW (Last Days Events, pg. 189)

“Ngunit walang sinuman ang pahihirapan ng poot ng Diyos hanggang sa ang katotohanan ay maiuwi sa kanyang isipan at budhi, at itakwil. Marami ang hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataong marinig ang mga espesyal na katotohanan para sa panahong ito. Ang obligasyon ng ikaapat na utos ay hindi kailanman naitakda sa kanila sa tunay na liwanag nito. Siya na bumabasa sa bawat puso, at sumusubok sa bawat motibo, ay hindi mag-iiwan sa sinuman na nagnanais ng kaalaman ng katotohanan, na malinlang sa mga isyu ng labanan. Ang kautusan ay hindi dapat ipilit sa mga tao na hindi nauunawaan. Ang bawat isa ay dapat magkaroon ng sapat na liwanag upang makagawa ng matalinong desisyon.”

EGW (The Great Controversy, pg. 605)